
Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



# Ang Marunong na Hari na si Solomon

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: Ruth Klassen
Alastair Paterson
Pamamatnugot ni: Abigail Blest Bantayan

Inilimbag at ipinamamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2020 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Haring David ay dakilang tao ng Diyos.  Sa panahon ng kanyang paghahari, dumami ang kaharian ng Israel ng sampung beses kaysa kay Haring Saul.



Ngunit hindi na niya kayang mamuno nang matagal dahil sa katandaan at karamdaman.






Samantala, ipinamamamalita ni Adonias, isa sa mga lalaking anak ni David na siya ang susunod na hari ng Israel. Kahit na ang pangalan niya ay nangangahulugang …



... "Ang aking Panginoon ay ang Diyos," hindi siya mabuting tao. Pinilit niyang agawin ang trono mula sa ama niyang nanghihina na. Ngunit ang Diyos ay may ibang plano!

Alam ng asawa ni David na si Bathsheba na ang anak niyang si Solomon ang siyang nararapat na maging hari.  Sinabi niya kay David ang tungkol sa mga balak ni Adonias.




Agad na ipinatawag ni David ang kanyang mga opisyal at si Solomon ang hinirang na maging hari ng Israel.




Hindi na mapapahamak si Solomon kay Adonias dahil naniniwala ang mga tao kay David. Sinabi ni David sa kanila na si Solomon ang pinili ng Diyos na kanilang maging hari. Pagkatapos nito, si David ay namatay.





Bago mamatay si David, pinagbilinan niya si Solomon tungkol sa pagsunod sa Diyos at sa pagiging mabuting hari, "Lumakad ka sa lakad ng Diyos upang umunlad ka sa lahat ng iyong gagawin."



Iyon ay mabuting payo! Si Solomon ay nakaupo na sa trono ng kanyang amang si David at naging matatag ang kanyang kaharian.

Isang gabi, nanaginip si Solomon. Sa kanyang panaginip, nagpakita ang Diyos sa kanya at sinabi, "Humiling ka! Ano ang nais mong ibigay ko sa iyo?"



Hiniling ni Solomon ay karunungan upang maging mabuting hari.  Ang hiniling ng batang hari ay nakapagpasaya sa Diyos.



Nakuha ni Solomon ang kanyang hiling ngunit hindi lamang iyon. Nangako rin ang Diyos sa kanya ng kayamanan at karangalan.




Isang araw, may dalawang ina ang nagpunta sa kanya na may dalang isang sanggol. “Ang anak ng babaing ito ay namatay noong isang gabi at ipinalit niya ang patay na sanggol sa buhay kong sanggol,” sabi ng isang babae.





"Hindi totoo 'yan! Ngunit ang anak ko ang buhay at ang sa iyo'y patay," sabi ng isa pang babae. Paano malalaman ng hari kung sino ang tunay na ina?

Kaya't sinabi ng hari, "Bigyan ako ng tabak." Dinala nga sa kanya ang isang tabak. Sa iyong palagay, ano kaya ang binabalak ng hari gamit ang tabak na iyon?



At sinabi ng hari, "Hatiin ang batang buhay at ibigay ang kalahati sa isa at ang kalahati naman sa isang ina."



Umalma ang tunay na ina ng sanggol, "O Kamahalan, ibigay na po ninyo sa kanya ang bata, huwag lamang ninyong patayin."




Ngunit sabi naman ng isa, ...


… "Sige, hatiin ninyo ang bata upang walang makinabang kahit sino sa amin!"




Kaya ang sabi ng hari, "Ibigay ninyo sa una ang bata. Siya ang tunay na ina."




Napabalita sa buong Israel ang hatol na iginawad ng hari at ang lahat ay nagkaroon ng paggalang at takot sa kanya. Nakita nilang taglay niya ang karunungan ng Diyos.


Ang mga tao sa Israel ay walang templo upang makasamba sa Diyos. Nang binalak ni David na magtayo ng isa,
ang Diyos ay nagsabi, ...


… "Ang inyong anak na lalaki ang siyang magtatayo ng bahay para sa Aking Pangalan." Kaya sinimulan ni Solomon
ang pagtatayo ng kamangha-manghang templo sa Jerusalem.


Pitong taon ang ginugol para itayo ang templo. At dumating na ang dakilang araw nang



ang lahat ay nagtipon upang makinig kay Solomon sa paghahandog niya ng templo sa Diyos.


Pagkatapos ng kamangha-manghang panalangin, ...


... masayang nagbigay ang hari at ang mga tao ng libu-libong mga alay at
nagkaroon ng malaking handaan na nagtagal ng dalawang linggo!



Pagkatapos nito, nagpakita muli ang Diyos kay Solomon at nangako na pagpapalain siya at ang Israel kung sila ay mananatiling susunod sa Diyos.




Nakakalungkot, si Solomon at ang mga tao ng Israel ay hindi nanatiling sumunod sa Diyos. Nag-asawa ang hari ng maraming babae na hindi kalugud-lugod sa Diyos.



Nahikayat siya ng mga ito na sumamba sa kanilang mga diyus-diyosan. Hindi tulad sa kanyang ama na si David na nanatiling matapat sa Diyos.




Habang sinasayang ni Solomon ang pagkakakataon na sumunod sa Diyos, ang isa sa kanyang mga opisyal na si Jeroboam ay nagkaroon ng kakaibang karanasan.




Isang propeta ang nagsabi
sa kanya na hahatiin ng Diyos ang
kaharian ni Solomon at siya ang
maghahari sa sampu ng
labindalawang tribo.




Tumakas si Jeroboam sa Ehipto. Alam niya na papatayin siya ni Solomon kung siya'y nanatili.






Sa wakas, namatay si Solomon. Ang kanyang anak na lalaki si Rehoboam ay binubuwisan nang mas malaki ang mga tao kaysa sa ginawa ni Solomon.



Dahil dito, nagrebelde ang sampung tribo-at pinili nila si Jeroboam na maging pinuno.



Nahati ang kaharian ni Solomon sa dalawa, gaya ng sinabi ng propeta ng Diyos. Hindi pinagpala ng Diyos ang sumuway sa Kanya!

Ang Marunong na Hari na si Solomon

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

1 Mga Hari 1-12

“Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag.“ Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16